| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 5 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPTEMBER 8 - 12, 2025 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| ***I.*** **NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.*** **Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata) at tekstong impormatibo (balita), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tuwirang balita tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad o bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br><br>***Nauunawaan ang tekstong naratibo (maikling kuwento).***<br>*a. Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari*<br>***Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.***<br>🎬 *batay sa sitwasyong pinaggamitan ng salita (analohiya)*<br>***Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon (konteksto).***<br>***Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag***<br>*a. Pang-abay –kondisyonal*<br>***Nabibigyang-kahulugan ang mga elemento ng tekstong multimedia*** |
| **C. Nilalaman** | Tekstong Naratibo<br>Maikling Kuwento<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>Wika: Pang-abay na Kondisyonal<br>TEKSTONG BISWAL: |

| | |
|---|---|
| | Elemento ng *multimedia* |
| **D. Integrasyon** | Pagpapahalagang Kultural (Mga Paniniwala) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Scribd. (2023). Ang Maikling Kwento atbp [PDF document]. Nakuha mula sa https://www.scribd.com/document/688540065/ANG-MAIKLING-KWENTO-atbp<br><br>Noypi. (2024). *Pang-abay na kondisyonal.* Nakuha mula sa https://noypi.com.ph/pang-abay na kondisyonal/<br><br>Scribd. (2023). Mga Halimbawa Ng Denotasyon at Konotasyon [PDF document]. Retrieved from https://www.scribd.com/document/668541528/419503264-Mga-Halimbawa-Ng-Denotasyon-at-Konotasyon |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**WIKARAMBULAN:** Ayusin ang mga ginulong letra upang mabuo ang mga salita.<br>1. **NGAP-IRU**<br>2. **NATASAKAN**<br>3. **LODKUSAP**<br>4. **NALYAT**<br>5. **BINGPAHAM** | Balikan ang aralin sa Kaantasan ng Pang-uri. Pagkatapos mabuo ang mga salita puwedeng tumawag ng iilang mga mag-aaral para magbigay ng kahulugan sa sa mga salita.<br>**SUSI SA PAGWAWASTO:**<br>**1. Pang-uri**<br>**2. Kaantasan**<br>**3. Pasukdol**<br>**4. Lantay**<br>**5. Pahambing** |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>***TARA-BASA:***<br>Pagpapabasa ng kuwento sa mga mag-aaral.<br><br>**Kaarawan**<br>**ni: Andilaine R. Tajanlangit**<br><br>Sa darating na Sabado, ika-8 ng Nobyembre ay ang pitong kaarawan ni Kleyr. Nangako ang kaniyang ina na kung magsisipag siya sa pag-aaral at makakukuha ng matataas na marka ay reregaluhan siya ng paborito niyang laruang Barbie, iyong malaki. Kaya naman, talagang nag-aral siya nang mabuti. Kaya, hindi nakapagtatakang matataas ang nakuha niyang marka.<br>Dumating na nga ang kaarawan ni Kleyr. Isinama siya ng kanyang ina sa *Mall* upang makapamili siya nang husto. "Kumapit ka nang mabuti sa akin anak, upang hindi ka | |

| | | |
|---|---|---|
| | mawala." bilin ng ina ni Kleyr. "Opo nanay, ayaw ko pong maligaw at mawala kung kaya't hindi po ako lalayo sa inyo." tugon naman ng batang si Kleyr.<br>Nang nasa puwesto na sila ng mga laruan, namimilog sa tuwa ang mga mata ni Kleyr sa dami ng laruang kanyang nakikita. "Anak, kung ano ang napag-usapan natin, iyon lang ang bibilhin natin" paalala ng ina ni Kleyr. "Opo nanay, itong malaking Barbie na po ang napili ko." pakita ni Kleyr sa hawak niyang manika sa kanyang ina.<br>Pagkatapos mabayaran ang manika ay umuwi na ang mag-ina. Laking gulat ni Kleyr sapagkat pagbukas niya ng kanilang pinto ay bumungad ang kaniyang ama at mga kapatid, gayundin ang ilan pa nilang kamag-anak at kaniyang mga kaibigan. Sabay-sabay na bumati at umawit ang mga ito. Nakita rin niya sa | **Susi sa Pagwawasto:**<br>1. KARPINTERO<br>2. SINABI<br>3. TUMATAK<br>4. SIGURADO<br>5. MAKUHA |

| | | |
|---|---|---|
| | kanilang mesa ang napakaraming handa tulad ng litsong baboy, pritong manok, halabos na hipon, menudo, *hotdog* na may *marshmallows,* embutido, hamonado, shanghai, pansit, *spaghetti,* at *leche flan,* mayroon pang sorbetes.<br>Niyakap ni Kleyr ang kaniyang ama at ina habang nagpapasalamat sa mga ito. Gayundin sa lahat ng mga panauhing naroroon. "Hindi ko po inaasahang mayroon pa pong handa, bukod sa handog pong regalo ni nanay. Labis po ang aking kagalakan sa inyong pagmamahal. Mahal na mahal ko po kayo." ang naluluhang pahayag ni Kleyr. "Mahal na mahal ka rin namin Kleyr" ang sabay-sabay na bigkas ng mga naroroon.<br><br>**Gabay na mga tanong:**<br>1. Sino ang may kaarawan?<br>2. Saan pnagpunta ang mag-ina?<br>3. Ano ang naramdaman ni Kleyr | |

| | | |
|---|---|---|
| | nang makita ang tindahan ng mga laruan?<br>4. Kung ikaw si Kleyr, anong regalo ang gusto mong matanggap sa iyong kaarawan?<br>5. Maihahambing mo ba ang iyong sariling karanasan sa pangyayari sa kuwento? Ipaliwanag.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**TALAS-SALITAan:**<br>Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salita na nasa *puzzle.*<br>1. Anluwage<br>2. Tinuran<br>3. Tumimo<br>4. Piho<br>5. Makamit | |

| | | |
|---|---|---|
| **B** | **M** | **E** |
| **N** | **Y** | **E** |
| **M** | **S** | **I** |
| **S** | **M** | **W** |
| **K** | **A** | **R** |
| **A** | **K** | **S** |
| **O** | **U** | **D** |
| **I** | **H** | **G** |
| **L** | **A** | **U** |
| **T** | **T** | **U** |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Naratibo (Maikling Kuwento)**<br><br>**Tekstong naratibo**<br>- pagsasalaysay o pagkukuwento ng mga pangyayari sa isang tao o mga tauhan, nangyari sa isang lugar at panahon o sa isang tagpuan, nang may maayos na pagkakasunod-sunod mula simula hanggang katapusan. Pangunahing layunin ng ganitong uri ng teksto ang makapagsalaysay ng mga pangyayaring nakapagbibigay aliw o nakapagpapanatili ng interes. Gayundin naman, ang naratibo ay nakapagtuturo ng kabutihang-asal, mahahalagang aral, at mga pagpapahalagang pangkatauhan tulad ng kahalagahan ng pagiging mabuti at tapat, na ang kasamaan ay hindi nagtatagumpay laban sa kabutihan, ang kasipagan at pagtitiyaga ay | |

| | | |
|---|---|---|
| | nagdudulot ng tagumpay, at iba pa.<br><br>Ang mga mambabasa ay direktang isinasama ng manunulat sa isang tekstong naratibo at nagiging saksi sa mga pangyayaring kanyang isinasalaysay. May iba't ibang uri ng naratibo tulad ng maikling kuwento, nobela, kuwentong-bayan, mitolohiya, alamat, tulang pasalaysay tulad ng epiko, dula, mga kuwento ng kababalaghan, anekdota, parabula, science fiction, at iba pa. Iba't ibang uri ito subalit may iisang pagkakapareho: ang bawat isa'y nagkukuwento.<br><br>**Maikling Kuwento**<br><br>- isang anyo ng panitikan na naglalayong magsalaysay ng isang mahalaga at nangigibabaw na pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan at | Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon (konteksto). |

| | | |
|---|---|---|
| | nag-iiwan ng isang kakintalan sa isip ng mga mambabasa.<br><br>- maikling katha na nagsasalaysay at tumatalakay sa madulang bahagi ng buhay. Hindi ito pinaikling nobela o buod ng isang nobela.<br><br>- Isang uri ng masining na pagsasalaysay na maikli ang kaanyuan at ang diwa ay napapalaman sa isang buo, mahigpit at makapangyarihang balangkas na inilalahad sa isang paraang mabilis ang galaw.<br><br>**1.** Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>**KUWENTO-BASA:** Basahin ang kuwentong pinamagatang **Susi sa Tagumpay** ni Andilaine R. Tajanlangit, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kaugnay sa kuwento.<br><br>**SUSI SA TAGUMPAY**<br>Ni: Andilaine R. Tajanlangit | |

| | | |
|---|---|---|
| | Si Lenoj ay isinilang sa Barangay Coloong, Lungsod ng Valenzuela. Panganay siya sa sampung magkakapatid. Tumatanggap ng labada ang kanyang ina. Ang kanyang ama naman ay isang Anluwage. Kulang na kulang ang kinikita ng kanyang mga magulang para sa kanilang pagkain araw-araw. Kaya naman sa kabila ng kanyang murang edad na labindalawa ay tumutulong na siya sa pagbabanat ng buto.<br>“Pasensya na kayo mga anak, at ganitong buhay lang ang kaya naming ibigay sa inyo ng tatay n’yo. Kung nakapagtapos lang sana kami ng pag-aaral, pihong mas maganda ang buhay natin.” Ang lumuluhang wika ng ina nina Lenoj. “Kaya naman ang payo namin sa inyo, kapag may pangarap kayong nais marating, gawin ninyo ang lahat ng paraan upang makamit iyon. Basta’t sa malinis at | |

| | | |
|---|---|---|
| | tamang paraan na walang naaagrabyadong tao." Pangaral naman ng kanilang ama.<br>Tumimo sa isip ni Lenoj ang tinuran ng kanyang mga magulang. Kung kaya't kahit nahihirapan, ay nagsumikap siyang pagsabayin ang pagtatrabaho at pag-aaral. Sa edad na labindalawa ay nakapagtapos siya ng elementarya.<br>Patuloy sa pagsisipag at pagsisikap sa buhay si Lenoj. Maraming pagsubok ang kanyang pinagdaanan ngunit kailanman ay hindi siya pinanghinaan ng loob. Linggo-linggo siyang nagsisimba upang humingi ng tulong at gabay sa Panginoon upang pagkalooban pa siya ng lakas ng katawan at isipan na mapagtagumpayan ang bawat hamon ng buhay.<br>Hanggang sa dumating ang araw ng pagtatapos niya sa Kolehiyo ng may karangalan bilang *Summa Cumlaude* ang | |

| | | |
|---|---|---|
| | pinakamataas na karangalan. Sa kanyang talumpati ay binanggit niya ang kanyang mga naging karanasan sa buhay mula pagkabata. Taos-puso niyang pinasalamatan ang kanyang mga magulang na nagsilbing inspirasyon niya upang makatapos ng pag-aaral. “Sa Diyos po ang lahat ng papuri’t pasasalamat, sa lahat po ng biyayang kanyang ipinagkaloob. Naniniwala po akong ang lahat ng bagay ay may dahilan. Isinilang po akong salat kami sa salapi at kayamanan. Subalit mayroon naman po akong mga magulang na mayaman sa kagandahang-asal. Maraming salamat po ‘nay, ‘tay, sa pagmumulat po sa amin ng tunay na kahalagahan ng edukasyon. Para po sa inyo ang karangalang ito. Sa lahat po ng mga taong naging bahagi ng aking tagumpay. Maraming salamat po sa inyong lahat.” Ang makabagbag | |

| | | |
|---|---|---|
| | damdaming pahayag ni Lenoj.<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?<br>2. Ilang magkakapatid sina Lenoj?<br>3. Ilarawan ang buhay na nararanasan nina Lenoj noong siya ay bata pa.<br>4. May pangyayari ba sa kuwento na may pagkakatulad sa iyong sariling karanasan? Patunayan.<br>5. Naniniwala ka rin bang mahalaga ang edukasyon? Pangatwiranan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**A. Pangyayari sa Kuwento, Pagsunod-sunorin mo:**<br>Pagsunod-sunorin ang mga pangyayaring naganap sa kuwento. Lagyan ng bilang 1-5 ang pattlang sa bawat pahayag.<br>________ Nagtapos ng may karangalan si Lenoj. | **Susi sa Pagwawasto:**<br><br>**1. Pang-abay na Kondisyonal** |

| | | |
|---|---|---|
| | ________ Si Lenoj ay panganay sa sampung magkakapatid.<br>________ Tumulong si Lenoj sa pagbabanat ng buto.<br>________ Nakatapos ng elementarya si Lenoj.<br>________ Patuloy sa pagsisipag at pagsisikap si Lenoj.<br><br>**B. Ano ang *Multimedia*?**<br>- Ang multimedia ay tumutukoy sa paggamit ng iba't ibang uri ng mga medium o midya upang maghatid ng impormasyon o mensahe.<br>- Ito ay isang paraan ng paghahatid ng impormasyon na naglalaman ng iba't ibang elemento tulad ng teksto, larawan, tunog, video, animasyon, at interaktibong elemento.<br>**Elemento ng Multimedia:**<br>1. **Teksto-** Ang teksto ay nagbibigay ng mga salita o pahayag na naglalaman ng impormasyon o mensahe. Maaaring ito ay mga caption, | **Inaasahang Kasagutan:**<br>**1. Kung**<br>**2. Kapag** |

| | | |
|---|---|---|
| | headline, balita, at iba pa.<br><br>2. **Imahe-** Ito ay mga larawan, larawan na kinetika (animations), mga graphic, at iba pang mga visual na elemento na nagbibigay ng kahulugan sa teksto o nagpapakita ng konsepto.<br><br>3. **Audio-** Ito ay mga tunog, musika, o iba pang mga audio na elemento na maaaring magdagdag ng emosyon o konteksto sa multimedia. Maaari itong magamit para sa pagsasalita, musika sa background, tunog ng mga epekto, at iba pa.<br><br>4. **Video-** Ang mga video clip o mga animasyon na may tunog at paggalaw ay maaaring bahagi ng multimedia. Ito ay nagbibigay ng dinamismo at karagdagang pagpapaliwanag sa teksto. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. **Animasyon-** Ito ay mga nakalilikhang larawan o mga video clip na gumagalaw. Ang mga animasyon ay maaaring gamitin upang ipakita ang proseso o magbigay ng mga halimbawa sa multimedia.<br><br>6. **Interaktibong Elemento-** Ito ay mga elemento na nagbibigay ng pagkakataon sa mga tagapakinig upang makisali o mag-interaksiyon sa multimedia. Halimbawa nito ay mga clickable buttons, mga form, at iba pa.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**A. Pangkatang Gawain:** Hatiin ang klase sa tatlong pangkat<br><br>***PANINIWALA MO! ISADULA MO!:*** Bawat pangkat ay bubuo ng maikling pagsasadula hinggil sa paniniwala ng kanilang pamilya.<br>**Pamantayan sa Pagmamarka:** | |

| | |
|---|---|
| | |
| **Teamwork/ Partisipasyon** | |
| **Angkop na Diksiyon sa pagpapahayag** | |
| **Pagkakatugma sa Tema** | |

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Pang-abay na Kondisyonal**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

**A. Pang-abay**

- bahagi ng pananalitang nagbibigay-turing sa pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay.
- ang pang-abay at pang-uri ay kapwa mga salitang naglalarawan.
- ang pang-uri ay naglalarawan ng mga pangngalan at panghalip samantalang ang pang-abay ay naglalarawan hindi

| | | |
|---|---|---|
| | lamang ng mga pandiwa gayundin sa mga pang-uri at kapwa nito pang-abay.<br><br>**Mga Uri ng Pang-abay:**<br>**Pamanahon**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng panahong ikinaganap ng bagay o gawaing sinasabi ng pandiwa.<br>Halimbawa: **Tuwing gabi** ay nagbabasa kami ng asawa ko ng Bibliya.<br><br>**Panlunan**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng lunan o pook na pinangyarihan ng kilos.<br>Halimbawa: Itinuturo **sa paaralan** ang kagandahang-asal<br><br>**Pamaraan**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng paraan ng pagkakaganap ng kilos.<br>Halimbawa: **Malinaw** magsalita ang aming guro.<br><br>**Panulad** | |

| | | |
|---|---|---|
| | - ang pang-abay na nagsasaad ng paghahambing.<br>Halimbawa: **<u>Lalong</u>** nauunawaan ang mga aralin kung pag-aaralan ito.<br><br>**Panggaano**<br>- ang pang-abay na nagsasaad ng dami, sukat o timbang.<br>Halimbawa: **<u>Hustong</u>** sumunod tayo sa mga panuntunan ng paaralan.<br><br>**Pang-agam**<br>- ang pang-abay kapag nagsasaad ng pag-aalinlangan o di-katiyakan. Tinatawag din itong pang-abay panubali.<br>Halimbawa: **<u>Siguro'y</u>** magbabago na siya.<br>**Panang-ayon**<br>- ay pang-abay na nagsasaad ng pagpayag o pagsang-ayon.<br>Halimbawa: **<u>Totoong</u>** mahirap mag-aral.<br><br>**Panalungat**<br>- ay pang-abay na nagsasaad ng pagtanggi, di-pagtanggap o pagbabawal. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Halimbawa: **Hindi** bumabagsak ang batang masipag.<br><br>**Panunuran**<br>- ay pang-abay na nagsasaad ng pagkakasunod-sunod<br>Halimbawa: **Kahuli-hulihang** tinawag ng guro ang batang walang takda.<br><br>**Pamitagan**<br>- ay pang-abay na nagpapahayag ng paggalang.<br>Halimbawa: **Opo**, tapos na po ang gawain ko.<br><br>**Panuring**<br>- ay pang-abay na nagpapahayag ng pagtanaw ng utang na loob.<br>Halimbawa: **Maraming salamat** at tinulungan mo ako.<br><br>**Ingklitik**<br>- Ang pang-abay na ingklitik ay mga kataga na karaniwang nakikita pagkatapos ng unang salita sa pangungusap.<br>Halimbawa: Bakit **daw** ngayon ka lang? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pang-abay na Kondisyonal**<br>**-** Nagsasaad ito ng kondisyon para maganap ang kilos na isinasaad ng pandiwa. Halimbawa: Bibilis kang magbasa **kung** magsasanay ka palagi.<br><br>Narito ang mga halimbawa ng **pang-abay na kondisyonal** sa pangungusap.<br><br>1. Bibilihan kita ng laruan **kapag** marunong ka ng magsulat ng pangalan mo.<br>2. Lalaki kang marunong **kung** makikinig ka sa mga sinasabi ko.<br>3. Hindi ka magkakasakit **kung** marunong kang mag-ingat sa katawan mo.<br>4. Aalis lang tayo **kapag** naubos mo na ang kinakain mo.<br>5. Lumalakas ang aking loob **kapag** naaalala ko ang aking mga pangarap. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **B. Denotasyon at Konotasyon**<br><br>**Denotasyon**<br>- tumutukoy sa pormal at literal na kahulugan ng isang salita.<br>- ito ang pangunahing kahulugan na matatagpuan sa diksyunaryo.<br>- ito ay ang paglalarawan o pagsasaad ng isang bagay nang direkta at walang ibang kahulugan o implikasyon.<br>- ito ay masistemang pagtukoy ng isang salita sa kanyang orihinal na kahulugan.<br><br>Halimbawa:<br>ang salitang "rosas" ay tumutukoy sa isang uri ng halaman na may mga bulaklak na kulay pula o iba pang kulay.<br><br>**Konotasyon**<br>- tumutukoy sa mga dagdag na kahulugan o implikasyon ng isang salita.<br>- ito ay ang mga emosyonal, sosyal, o kultural na konsepto na | |

| | | |
|---|---|---|
| | nauugnay sa isang salita.<br>- ito ay nagbibigay ng iba't ibang pag-unawa at interpretasyon batay sa konteksto ng paggamit nito.<br><br>Halimbawa:<br>ang salitang "rosas" ay maaaring magdulot ng konotasyon ng pag-ibig, romantikong relasyon, o pagmamahal.<br><br>Halimbawa ng Denotasyon at Konotasyon<br>Narito ang ilang halimbawa upang mas maunawaan ang pagkakaiba ng denotasyon at konotasyon:<br><br>**Salitang "Araw"**<br>Denotasyon: Isang bituing pinalilibutan ng mga planeta na nagbibigay ilaw sa mundo.<br>Konotasyon: liwanag, o positibong pag-asa.<br>**Salitang "Sisiw"**<br>Denotasyon: Isang uri ng manok na nasa unang yugto ng buhay. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Konotasyon: pagiging mahina, madali, at kabataan.<br>**Salitang “Tahanan”**<br>Denotasyon: Isang lugar kung saan nakatira ang isang tao o pamilya.<br>Konotasyon: punong-puno ng pagmamahal, kaligtasan, at pagkakaisa.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**A. TARA-BASA:** Ipabasang muli ang kuwentong pinamagatang **Kaarawan** ni Andilaine R. Tajanlangit at sagutin ang kaugnay na tanong.<br><br>**Kaarawan**<br>**ni: Andilaine R. Tajanlangit**<br><br>Sa darating na sabado, ika-8 ng Nobyembre ay ang pitong kaarawan ni Kleyr. Nangako ang kanyang ina na **kung** magsisipag siya sa pag-aaral at makakukuha ng matataas na marka ay | |

| | | |
|---|---|---|
| | reregaluhan siya ng paborito niyang laruang Barbie, iyong malaki. Kaya naman, talagang nag-aral siya nang mabuti. Kaya, hindi nakapagtatakang matataas ang nakuha niyang <u>marka</u>.<br>Dumating na nga ang kaarawan ni Kleyr. Isinama siya ng kanyang ina sa *Mall* upang makapamili siya nang husto. “Kumapit ka nang mabuti sa akin anak, upang hindi ka mawala.” bilin ng ina ni Kleyr. “Opo nanay, ayaw ko pong maligaw at mawala kung kaya’t hindi po aq lalayo sa inyo.” tugon naman ng batang si Kleyr.<br>Nang nasa puwesto na sila ng mga laruan, namimilog sa tuwa an g mga mata ni Kleyr sa dami ng laruang kanyang nakikita. “Anak, **kung** ano ang napag-usapan natin, iyon lang ang bibilhin natin” paalala ng ina ni Kleyr. “Opo nanay, etong malaking Barbie na po ang napili ko.” pakita ni Kleyr sa | |

| | | |
|---|---|---|
| | hawak niyang manika sa kanyang ina.<br>Pagkatapos mabayaran ang manika ay umuwi na ang mag-ina. Laking gulat ni Kleyr sapagkat pagbukas niya ng kanilang pinto ay bumungad ang kanyang ama at mga kapatid, gayundin ang ilan pa nilang kamag-anak at kaniyang mga kaibigan. Sabay-sabay na bumati at umawit ang mga ito. Nakita rin niya sa kanilang mesa ang napakaraming handa tulad ng litsong baboy, pritong manok, halabos na hipon, menudo, *hotdog* na may *marshmallows,* embutido, hamonado, shanghai, pansit, *spaghetti,* at *leche flan,* mayroon pang sorbetes.<br>Niyakap ni Kleyr ang kanyang ama at ina habang nagpapasalamat sa mga ito. Gayundin sa lahat ng mga panauhing naroroon. "Hindi ko po inaasahang mayroon pa pong handa, bukod sa handog pong regalo ni nanay. Labis po ang | |

| | | |
|---|---|---|
| | aking kagalakan sa inyong pagmamahal. Mahal na mahal ko po kayo." ang naluluhang pahayag ni Kleyr. "Mahal na mahal ka rin namin Kleyr" ang sabay-sabay na bigkas ng mga naroroon.<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Anong bahagi ng pananalita ang mga salitang initiman?<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**A. TUKOY-PANG-ABAY:** Salungguhitan ang pang-abay na kondisyonal na ginamit sa kwento.<br><br>**SUSI SA TAGUMPAY**<br>Ni: Andilaine R. Tajanlangit<br><br>Si Lenoj ay isinilang sa Barangay Coloong, Lungsod ng Valenzuela. Panganay siya sa sampung magkakapatid. Tumatanggap ng labada ang kanyang ina. Ang kanyang ama naman ay isang Anluwage. Kulang | |

| | | |
|---|---|---|
| | na kulang ang kinikita ng kanyang mga magulang para sa kanilang pagkain araw-araw. Kaya naman sa kabila ng kanyang murang edad na labindalawa ay tumutulong na siya sa pagbabanat ng buto.<br>“Pasensya na kayo mga anak, at ganitong buhay lang ang kaya naming ibigay sa inyo ng tatay n’yo. Kung nakapagtapos lang sana kami ng pag-aaral, pihong mas maganda ang buhay natin.” Ang lumuluhang wika ng ina nina Lenoj. “Kaya naman ang payo namin sa inyo, kapag may pangarap kayong nais marating, gawin ninyo ang lahat ng paraan upang makamit iyon. Basta’t sa malinis at tamang paraan na walang naaagrabyadong tao.” Pangaral naman ng kanilang ama.<br>Tumimo sa isip ni Lenoj ang tinuran ng kanyang mga magulang. Kung kaya’t kahit nahihirapan, ay nagsumikap siyang pagsabayin ang | |

| | | |
|---|---|---|
| | pagtatrabaho at pag-aaral. Sa edad na labindalawa ay nakapagtapos siya ng elementarya.<br>Patuloy sa pagsisipag at pagsisikap sa buhay si Lenoj. Maraming pagsubok ang kanyang pinagdaanan ngunit kailanman ay hindi siya pinanghinaan ng loob. Linggo-linggo siyang nagsisimba upang humingi ng tulong at gabay sa Panginoon upang pagkalooban pa siya ng lakas ng katawan at isipan na mapagtagumpayan ang bawat hamon ng buhay.<br>Hanggang sa dumating ang araw ng pagtatapos niya sa Kolehiyo ng may karangalan bilang *Summa Cumlaude* ang pinakamataas na karangalan. Sa kanyang talumpati ay binanggit niya ang kanyang mga naging karanasan sa buhay mula pagkabata. Taos-puso niyang pinasalamatan ang kanyang mga magulang na nagsilbing inspirasyon niya upang | |

| | | |
|---|---|---|
| | makatapos ng pag-aaral. “Sa Diyos po ang lahat ng papuri’t pasasalamat, sa lahat po ng biyayang kanyang ipinagkaloob.<br>Naniniwala po akong ang lahat ng bagay ay may dahilan. Isinilang po akong salat kami sa salapi at kayamanan. Subalit mayroon naman po akong mga magulang na mayaman sa kagandahang-asal. Maraming salamat po ‘nay, ‘tay, sa pagmumulat po sa amin ng tunay na kahalagahan ng edukasyon. Para po sa inyo ang karangalang ito. Sa lahat po ng mga taong naging bahagi ng aking tagumpay. Maraming salamat po sa inyong lahat.” Ang makabagbag damdaming pahayag ni Lenoj. | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>*A.* **:** Bumuo ng tekstong naratibo na ginagamitan ng mga | Ang guro ay magbibigay ng rubrik bago magsulat ang mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | pang-abay na kondisyonal<br><br>**Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Give Me Five:** Magtala ng tig-limang halimbawa ng pangungusap na ginagamitan ng denotasyon at konotasyon | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | | | **MGA TALA SA GURO** |
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>A. **Panuto:** Ikahon ang pang-abayna kondisyonal sa bawat pangungusap.<br>1. Mas naiintindihan ko ang leksyon kapag binabasa ko ito ng paulit-ulit.<br>2. Mapapansin mong mas madali ang trabaho kung mahal mo ito.<br>3. Umiinom ako ng kape kapag kailangan kong magpuyat.<br>4. Tumatawa siya kapag naririnig niya ang paborito niyang joke.<br>5. Naramdaman ko ang kanyang pagmamahal kapag hawak niya ang aking kamay. | | | **Susi sa Pagwawasto:**<br>**A.**<br>1. Kapag<br>2. Kung<br>3. Kapag<br>4. Kapag<br>5. Kapag |
| ***B.* Pagbuo ng Anotasyon**<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

<table>
<tr>
<td rowspan="2">ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.<br><br>Maaaring bigyan ng gabay ang guro sa kung anong bahagi o aspeto ng aralin ang bibigyang pansin para sa mga tala.</td>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
<td rowspan="2"></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay<br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br><br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br><br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.<br><br>Ilang halimbawang tanong ang makikita sa pangalawang hanay. | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: Andilaine R. Tajanlangit*** | ***Sinuri ni:  Mercy B. Abuloc*** |
| ***Institusyon: DepEd- Valenzuela (Malinta NHS)*** | ***Institusyon:  Philippine Normal University Mindanao*** |